


**"Si JESU-CRISTO Ang Sentro Ng Lahat Ng Itinuturo At Pinananampalatayan Ng Mga Luterano… Tayo Ay Mga LUTERANO Sapagkat Tayo Ay Mga Kristiyano."**

I Am...
a Lutheran - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 4 of 6-MLP Cat No 385527

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ako ay





## ISANG LUTERANO


# Ako ay isang Luterano

Tinatawag na "Freudian psychologist" ang isang umaayon sa mga turo ni Sigmund Freud, isang kilalang sikolohista. Sa gayon ding paraan, maaaring sabihin ng iba na ang isang Luterano ay yaong sumusunod sa mga turo ni Martin Lutero (Martin Luther). Ngunit hindi kailanman ninais ni Lutero na ang sinuman ay maging bulag na tagasunod sa kanyang mga turo. Kaya, ano ba ang isang Luterano at bakit ako ay isa sa kanila?

Nasa sentro ng lahat ng turo ng mga Luterano si Jesu-Cristo, ang Tagapagligtas ng lahat ng tao. Naniniwala ang mga Luterano na ang Biblia ay higit pa sa isang aklat ng panuntunan na nagsasabi sa atin kung paano tayo dapat mamuhay. Sa katunayan, ang pangunahing mensahe nito ay iniligtas tayo ni Jesu-Cristo mula sa walang hanggang kamatayan.

Sa Biblia, na pinananampalatayan ng mga Luterano bilang Salita ng Diyos, iniaalok sa atin ng Diyos ang kapatawaran at buhay na walang hanggan. Naninindigan ang isang Luterano na ang bawat isang talata, bawat isang kabanata, bawat isang aklat sa Biblia ay nangungusap o nagpapatotoo tungkol kay Jesus. Kung magkagayon, ang lahat ng turo ng mga Luterano ay nagpapatotoo rin tungkol kay Jesus.

Si Jesu-Cristo ang sentro ng diwa at pag-asa ng isang Luterano. Nauunawaan namin na ang lahat ng tao ay may limitasyon at may kapintasan. Walang sinumang makapagkakasundo sa Diyos upang makamit ang kanyang pag-ibig at kapatawaran. Wala tayong sapat na maiaalok sa kanya. Ngunit alam din ito ng Diyos. Kaya nga isinugo niya si Jesus sa ating mundong nababalot ng kasalanan. Hindi lamang binayaran ni Jesus ang kaparusahan para sa ating mga pagkakamali at pagkukulang - lahat ng ating kasalanan - kundi namuhay din siya nang ganap, upang makamtan natin ang pag-ibig at kapatawaran ng Diyos.





Iniibig namin si Jesus

Bilang isang Luterano, alam kong tinatanggap ko ang dakilang mga pagpapala ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, o pagtitiwala, kay Jesus. Higit sa lahat, panatag akong magkakaroon ng buhay na walang hanggan sa langit kung ako ay mamatay. Alam kong hindi ako ganap, at hindi ako makatatayo sa harap ng makapangyarihang Diyos. Ngunit nananampalataya akong pinatatawad at iniibig ako ni Jesus. Hinuhugasan niya ako mula sa karumihan ng aking mga kasalanan upang ako ay makapasok sa langit.

Wala alinman sa mga ito ang gawa-gawa lamang ni Martin Lutero. Ang katuruang Luterano ay hindi ginawa ni Martin Lutero. Wala siyang natuklasang anumang bago. Itinuro lamang niya kung ano ang itinuturo ng Biblia. Ang katuruang Luterano ay katuruan ng Biblia at itinuturo ng Biblia ang tungkol kay Jesu-Cristo na ating Tagapagligtas.

Dahil si Jesu-Cristo ang nasa sentro ng itinuturo at pinananampalatayan ng mga Luterano, iisa lamang ang dahilan kung bakit ako ay isang Luterano. Iyan ay sapagkat ako ay isang Kristiyano. Iniibig ko ang aking Tagapagligtas, si Jesu-Cristo. At dahil ang bawat aspeto ng pananampalatayang Luterano ay nag-aakay patungo kay Cristo, iyan ang dahilan kung bakit nagigiliw akong maging isang Luterano.